


TUNGKULIN AT PAG-GANA NG PAG-BABAKUNA

Tagalog
Ika 6 ng Mayo 2021

BAKIT MAGPAPABAKUNA?



Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong sarili laban sa COVID-19. Ang pagbabakuna ay:

- Nag-bibigay ng proteksyon laban sa COVID-19 at mga seryosong komplikasyon na maaaring humantong sa kamatayan
- Tumutulong na mapabagal ang pagkalat ng virus at ng pandemya
- Tumutulong na sumulyap sa pagbabalik ng normal na buhay

PAANO GUMAGANA ANG MGA BAKUNA?



Ang mga bakuna ay itinaturo sa organismo, sabihin na natin sa katawan, kung paano tumugon kapag nagkontak sa virus: **ipinapakita nila sa kanya kung paano protektahan ang sarili sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanya o pag bibigay ng tiyak na tagubilin.**

Ilang mga pangunahing konsepto:

Ang bawat virus ay naglalaman ng isang maliit na bahagi na galing dito: ang antigen. Ang antigen ay gumaganap bilang isang senyales ng babala: sinasabi nito sa sistemang panlaban sa sakit na oras na upang idepensa ang sarili.

Bilang tugon, ang sistemang panlaban sa sakit ay gumagawa ng mga antibodies na gumagana upang patayin ang virus. Ang mga antibodies ay sinanay na makilala at rumesponde sa isang partikular na virus.

Kapag ang katawan ay nakaharap ang isang virus sa unang pagkakataon, ang pagtugon ng sistemang panlaban sa sakit ay maaaring magtagal. Pinipigilan ito ng mga bakuna sa pamamagitan ng paghahanda at pagpapalakas ng sistemang panlaban sa sakit.

Mga bakuna sa aksyon: Dalawang uri na naaprubahan sa Canada



2 bakuna na tagpagdala ng RNA (ARNm), binuo ng Pfizer-BioNTech at Moderna.

Ang mga bakunang ito ay naglalaman ng genetikong materyal (ARNm) na nagbibigay sa sistemang panlaban sa sakit ng isang plano para sa (1) paggawa ng antigen at (2) naghuhudyat ng isang tugon ng panlaban laban sa antigen. Ang mga bakunang ito ay nagsisilbing isang manwal sa pagtuturo.

2 bakunang viral vector, biunuo ng AstraZeneca-Oxford at Janssen (Johnson Johnson)

Ang mga bakunang ito ay naglalaman ng isang kontrolado, hindi aktibo at hindi nakakapinsalang bersyon ng virus kung saan ang sistemang panlaban sa sakit ay may reaksiyon. Naghuhudyat sila sa paggawa ng mga antibodies na kayang makilala ang virus at neutralisahan, Binibigyan nito ang katawan ng « pagsasanay » sa pagtatangol ng sarili.

Ang parehong uri ng mga bakuna ay nagbibigay sa katawan ng pagkakataon na matutong ipagtanggol ang sarili. Pagkatapos ng pagiging lantad sa bakuna, naaalala ng sistemang panlaban sa sakit ang virus. Handa itong kumilos laban dito.

PAANO PUMILI?



Ang mga bakunang mRNA (Pfizer-BioNTech, Moderna) ay kasalukuyang minumungkahi bilang isang priyoridad kasunod ng maraming mga kaso ng napakabihira ngunit malubhang epekto na nauugnay sa iba pang mga bakuna. Kahit na ang mga peligro na ito ay mananatiling napakababa para sa mga bakuna na viral vector (AstraZeneca-Oxford, Janssen / Johnson at Johnson), mahalaga at lehitimo na ang sinuman ay maaaring isaalang-alang ang mga panganib at benepisyo ng bawat pagpipilian upang makagawa ng isang desisyon na angkop sa kanilang sitwasyon. Ang bawat isa ay maaaring magpasya kung mabakunahan o hindi at maaaring pumili kung anong uri ng bakuna ang katanggap-tanggap sa kanya.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay malayang magagamit para sa lahat ayon sa planadong pagkakasunod-sunod ng pagbabakuna para sa mga priyoridad na grupo, hindi alintana ang iyong estado meron man o wala kang RAMQ card. Hindi ito sapilitan, ngunit inirerekomenda ang mga ito.

Kung mayroon kang katanungan
Ukol sa bakuna, bumisita sa:
quebec.ca/vaccinCOVID
(Pranses/Ingles)

Para makapag palista para
sa pagbabakuna:
Portal ng CliCsanté :
portal3.clicsante.ca
o tumawag sa
1 877 644-4545



Ang mga talaan ng impormasyon na ito ay nilikha at napatunayan sa pakikipag tulongan ng koponan ni Dr. Arnaud Gagneur.

ANO ANG KAHULUGAN NG PAGKAEPEKTIBO NG BAKUNA?

Ang pagiging epektibo ng isang bakuna ay tumutukoy sa kakayahan nitong prumotekta laban sa isang sakit, ibig sabihin, upang maiwasan ang pamumuo ng sintomas. Samakatuwid, ang epektibong bakuna ay maaring maiwasan ang mga pagpapaospital at pagkamatay.

Ang bakuna na 95% epektibo ay nangangahulugan na mula sa bawat 100 katao na nabakunahan, 95 ang hindi makakakuha ng sakit at samakatuwid ay hindi magkakaroon ng sintomas.

Ang mga bakuna ay hindi nagbibigay ng agarang proteksyon. Ang katawan ay nangangailangan ng hanggang dalawang linggo upang makamit at pinakamataas na proteksyon, o kapag ang sitemang panlaban sa sakit ay handa nang labanan ang virus. Ang mga bakunang ito ay kilalang mabisa 14 na araw pagkatapos ng pagbabakuna.

MAAARI BANG MABAWASAN ANG PAGKAEPEKTIBO NG BAKUNA SA IBA PANG URI NG CORONAVIRUS?

Lumilitaw ang ibang uri ng virus kapag ito ay sumailalim sa maraming mutation. Ang pagkabuo ng ibang uri ay normal sa isang virus. Ang virus na responsable sa Covid-19 ay marami nang ibang uri at makabubuo pa ng iba, katulad ng trangkaso (na hindi kasing panganib ng COVID-19), sanhi ng trangkaso. Dahil dito, nilalayon ng taunang bakuna sa trangkaso na protektahan laban sa iba't ibang mga uri ng virus na ito at ang antas ng pagiging epektibo nito ay nababago ng kaunti bawat taon. Sa ngayon, ang mga bakuna ay lumilitaw na epektibo kaban sa ibat ibang uri ng COVID-19, bagama't ang imyunidad ay maaring magkaiba depende sa ibang uri. Patuloy ang pag-aaral para matukoy ang antas ng pagiging epektibo ng bakuna laban sa iba pang uri ng COVID-19.

LIGTAS BA ANG BAKUNA LABAN SA COVID-19?

Oo. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay naaprubahan ng Health Canada at napaka ligtas. Sampung-milyong katao sa buong mundo ay nabakunahan nang walang malubhang epekto.

Bagaman napakabilis na nabuo ang mga bakuna, pinagdaanan nila ang lahat ng kinakailangang mga hakbang bago maaprubahan at napapailalim sa parehong kalidad at mga pamantayan sa kaligtasan para sa anumang iba pang bakuna na ginamit sa Canada. Ang mga dalubhasa ay mahigpit na sinusubaybayan ang anumang masamang epekto na maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna.



PAANO NABUO ANG BAKUNA NG NAPAKA-BILIS?

Isang prioridad sa lahat ng bansa

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng malalim na krisis at nagkaroon ng mapanirang epekto sa buong mundo. Lahat ng bansa ay ginawang pinaka prioridad ang pagbuo ng bakuna.

Mataas na pakikilahok sa mga klinikal na pagsubok

Ang mga kumpanya ay nakagawa ng mga klinikal na pagsubok para sa bakunang ito ng mas mabilis kaysa sa ibang bakuna. Libo-libong katao ang mabilis na nakilahok para sa pagsubok sa bakuna, samantalang sa ibang bakuna ay karaniwang tumatagal ng 12 hanggang 18 buwan upang makalap ang maliit na bahagi ng bilang na iyon.

Magagamit na pondo

Ang mga kumpanya ng parmasyutiko ay lumagay sa panganib sa pananalapi at nasimulang mamuhunan nang maaga sa malakihang paggawa ng bakuna, na nangangahulugang na ang mga bakuna ay mapunta sa produksyon na walang pagka-antala kapag natapos ang mga klinikal na pagususbok.

Walang katulad na pagsisikap sa pagasasaliksik

Libu-libong mga siyentipiko sa buong mundo ang nag-ambag sa pananaliksik na ito.

Ang pagpapakilos ng mga pangkat ng pananaliksik at ang paglikha ng publiko-pribadong pakikipagtulungan ay pinadali at pinabilis ang pagbuo, pag-gawa at pamamahagi ng mga bakuna.

Nakaraang pananaliksik sa coronavirus, ARNm at bakunang viral vector

Ang kaligtasan laban sa coronavirus ay malawak na pinag-aralan bilang resulta ng nakaraang mga epidemya (SARS-CoV noong 2003 at MERSCoV noong 2012). Samakatuwid ang mga siyentista ay maroon nang datos tungkol sa tugon ng immune sa mga coronavirus. Ang mga mananaliksik ay nagtatrabaho din sa:

- Mga bakuna sa ARNm nang higit sa 20 taon. Ang bakunang ARNm ay nasubukan na sa mga tao para sa mga virus tulad ng Zika at iba't ibang mga uri ng trangkaso.
- Mga bakunang Viral vector nang higit sa 30 taon. Ang mga bakunang ito ay binuo sa 2 larangan: mga bakuna sa cancer at ahenteng anti-infective.




Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay malayang magagamit para sa lahat ayon sa planadong pagkakasunod-sunod ng pagbabakuna para sa mga prioridad na grupo, hindi alintana ang iyong estado o meron man o wala kang RAMQ kard. Hindi ito sapilitan, ngunit inirerekumenda ang mga ito.

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa bakuna, bumisita sa :
quebec.ca/vaccinCOVID
(Pranses/Ingles)

Para makapag palista para sa pagbabakuna:
Portal ng CliCsanté :
portal3.clicsante.ca
ou tumawag sa
1 877 644-4545



ANO ANG NILALAMAN NG MGA BAKUNA?



Ang mga bakunang binuo ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay naglalaman ng ARNm pati na rin mga hindi pang-gamot na sangkap tulad ng taba, asin, asukal at tubig.

Ang mga bakunang binuo ni AstraZeneca-Oxford at Janssen (Johnson & Johnson) ay naglalaman ng isang kontrolado at hindi nakakapinsalang bersyon ng virus, asukal, mga asin at pampatatag na tumutulong upang mas mabisang gumana ang bakuna.

Ang tungkulin ng hindi –pang gamot na sangkap :

Ang mga taba ay tumutulong sa ARNm na makapasok sa mga selula. Ang mga taba ay hindi nagmula sa mga hayop, ito ay ginawa sa mga laboratoryo o nakuha mula samga halaman.

Ang mga asin ay tumutulong maging tugma ang bakuna sa mga selula sa katawan na tinuruan nito.

Ang mga asukal ay pinananatiling matatag ang bakuna habang ito ay nakaimbak sa isang freezer.

Ang tubig ay ginagamit para sa iniksyon ng bakuna.

Ang mga pampatatag ay tumutulong hawakan ang mga sangkap: pinananatili nila ang mga sangkap mula sa paghihiwalay at pagdikit sa maliit na bote ng bakuna. Pinapayagan din nito ang mga sangkap na hango sa langis at tubig na maghalo.

Ang mga bakuna ay hindi naglalaman ng anumang produkto na nagmula sa tao o hayop. Ito ay hindi naglalaman ng antibayotiko, preservatives, o kilalang mga allergens tulad ng latex, gatas, gluten, atbp.

ANO ANG MGA PANGALAWANG EPEKTO NG BAKUNA LABAN SA COVID-19?



Ang mga sintomas na maaaring maganap pagkatapos ng pag papa bakuna ay klasiko: kahawig din nila ang sa ibang mga bakuna.

• Banayad na sintomas

Sakit sa lugar ng pinag turukan ng iniksyon, sakit ng ulo, pagkapagod, lagnat o panginginig, sakit sa kalamnan o kasukasuan

• Katamtamang sintomas (mas mababa sa 10% ng mga kaso)

Malubhang pagkapagod, lagnat, pagtatae, pagduwal, sakit ng ulo

• Malubhang sintomas (mas mababa sa 1% ng mga kaso)

Reaksyon ng alerhiya at neurolohiya

Ang banayad hanggang katamtamang mga sintomas ay karaniwang nawawala pagkalipas ng 1 o 2 araw. Ang mga ito ay banayad kumpara sa malubha at nagbabanta sa buhay na mga komplikasyon ng COVID-19.

Ang pagkakaroon ng mga sintomas na ito ay nagpapakita na ang katawan ay naghahanda upang labanan ang sakit: ipinapakita nila na gumagana ang mga bakuna.

Ang malubhang epekto ay napaka bihira. Kapag nangyari ang isang reaksiyong ng alerhiya, kadalasan sa loob ng ilang minuto ng pagbabakuna at agad itong ginagamot. Ito ang dahilan kung bakit hindi ka pwedeng umalis kaagad sa lugar ng pinag pabakunahan pagkatapos makatanggap ng bakuna.

MAAARI BANG MAGING SANHI NG MGA BAKUNA ANG COVID-19?



HINDI. Ang mga bakuna ay hindi maaaring maging sanhi ng COVID-19 sapagkat wala silang nilalaman na coronavirus na nag sasanhi ng sakit.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay malayang magagamit para sa lahat ayon sa planadong pagkakasunod-sunod ng pagbabakuna para sa mga prayoridad na grupo, hindi alintana ang iyong estado o meron man o wala kang RAMQ kard. Hindi ito sapilitan, ngunit inirerekumenda ang mga ito.

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa bakuna, bumisita sa :
quebec.ca/vaccinCOVID
(Pranses/Ingles)

Para makapag palista para sa pagbabakuna:
Portal ng CliCsanté :
portal3.clicsante.ca
ou tumawag sa
1 877 644-4545



Ang mga talaan ng impormasyon na ito ay nilikha at napatunayan sa pakikipag tulongan ng koponan ni Dr. Arnaud Gagneur.

SINO ANG PWEDE TUMANGGAP NG MGA BAKUNA?



Ang kabuuang populasyon ay naka target para sa pagbabakuna laban sa COVID-19. Inirerekomenda ang pagbabakuna bilang prioridad sa mga taong may mas mataas na peligro mula sa komplikasyon mula COVID-19.

Ang mga bakuna ay ligtas para sa:

- Matatanda at taong may matatag na kundisyon sa kalusugan.
- Ang mga taong may Hepatitis B o C o HIV.
- Ang mga taong may karamdaman sa pagdurugo o ang taong gumagamit ng « anticoagulants »
- Mga taong allergy sa pagkain, kagat ng insekto, gamot o may allergy sa kapaligiran.

MAAARI KO BANG IHINTO ANG PAGSUNOD SA MGA HAKBANG SA KALUSUGAN PAGKATAPOS MAKATANGGAP NG AKING BAKUNA AT BUMALIK SA NORMAL NA PAMUMUHAY?

HINDI. Bagama't naaprubahan ang mga bakuna laban sa COVID-19 sa Canada ay epektibo, ang proteksyon ay hindi biglaan, Ang sinumang nagkaroon nang pakikisalamuha sa taong may virus bago o sa loob ng 14 na araw na mabakunahan ay maari pa ring makakuha ng COVID-19. Maaari din itong tumagal ng ilang buwan upang protoketahan ang sapat na bilang ng mga tao. Samakatuwid mahalaga na pagpatuloy na sundin ang mga hakbang sa kalusugan na nakapatupad.

MAAARI BA NA MAGPABAKUNA ANG TAONG NAGKARON NA NG COVID-19?



Oo. Mahigpit na inirerekomenda ang pagbabakuna upang matiyak ang pang matagalang proteksyon. Ang pagbabakuna sa mga tao na nagkaroon na ng COVID-19 ay hindi kaugnay sa mataas na peligro ng epekto.

MAAARI BANG MAKATANGGAP NG BAKUNA ANG MGA BATA AT BUNTIS?



Ang bakuna ng Pfizer-BioNTech ay pinahihintulutan sa Canada para sa mga taong may edad na 12 pataas. Ang pagbabakuna para sa taong 12 hanggang 17 taong gulang ay magsisismula kaagad sa Quebec. Kasalukuyang walang sapat na datos upang magrekomenda ng pagbabakuna sa mga batang mas mababa sa 12 na taong gulang. Para sa mga buntis, inirerekomenda ang pagbabakuna dahil ang kasalukuyang datos ay nagpapahiwatig ng mas mataas na peligro ng mga komplikasyon para sa mga buntis na may COVID-19. Mas ginugusto ang mRNA na bakuna dahil maraming datos na nagpapakita ng kanilang kaligtasan. Ang mga buntis na kababaihan ay inaanyayahan na makipag-usap sa kanilang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang malaman ang tungkol sa mga panganib ng COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis at upang malaman ng higit pa ang tungkol sa mga benepisyo at panganib ng pagbabakuna.

MAARI BANG MABAOG ANG MGA KABABAIHAN SA BAKUNA?



HINDI. Batay sa kasalukuyang kaalaman, walang katibayan na nagsasabi na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring magdulot ng pagkabaog ng isang babae.

MAAARI BANG MABAGO NG MGA BAKUNA ANG DNA?



HINDI. Walang anumang peligro na mababago ng mga bakuna ang genes. Ang Viral Vector o mRNA na naglalaman ng mga ito ay hindi pumapasok sa mga nucleus ng mga selyula kung saan matatagpuan ang DNA. Bilang karagdagan ang ARNm ay mabilis na nasisira ng mga selyula pagkatapos ng pag iniksyon ng bakuna at mawala.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay malayang magagamit para sa lahat ayon sa planadong pagkakasunod-sunod ng pagbabakuna para sa mga prayoridad na grupo, hindi alintana ang iyong estado o meron man o wala kang RAMQ kard. Hindi ito sapilitan, ngunit inirerekomenda ang mga ito.

Kung mayroon kang katanungan
tungkol sa bakuna, bumisita sa:
quebec.ca/vaccinCOVID
(Pranses/Ingles)

Para makapag palista para
sa pagbabakuna:
Portal ng CliCsanté :
portal3.clicsante.ca
ou tumawag sa:
1 877 644-4545

